多言語情報コーナー （令和８年１０月号）

1. Panawagan sa mga Dayuhang Residente na Lumahok sa "Tochigi Autumn Festival"!

Anunsyo mula sa Tochigi City International Community.
Nangangalap ng mga dayuhang residente na lalahok sa "Tochigi Autumn Festival"—ang pinakamalaking pagdiriwang sa Lungsod ng Tochigi na gaganapin sa ika-14 ng Nobyembre, Sabado at Nobyembre 15, Linggo, na gaganap bilang tagahila ng mga floats na ipaparada.
May dalawang opsyon na pagpipilan sa paglahok. Una ay ang Pattern A, kung saan susubok lang ng isang araw na lumahok at ang pangalawa naman ay ang Pattern B na isang oras na lamang na pagsali sa nasabing event.
Para sa Pattern A, nangangailangan ng 5 katao para dito para sa ika-14 at ika-15 na araw mula alas 10:00 ng umaga hanggang alas 8:00 ng gabi. May participation fee na 2,000yen para sa 2 beses na pagkain at insurance sa isang araw. Maaari rin lumahok mula ala 1:00 ng hapon.
Para naman sa isang oras na pakikipaglahok na Pattern B, nangangailangan ng 10 hanggang 15 katao at may participation fee na 500yen para sa inumin at insurance. Para sa ika-14 na araw ay mula alas 3:00 hanggang alas 4:00 ng hapon at sa ika-15 na araw ay mula alas 2:30 hanggang alas 3:30 ng hapon. Dapat ay magsuot ng komportableng damit at sneakers. Ipagkakaloob ang lahat ng kakailanganing gamit sa festival.
Ang pinakaluma sa mga karosa ng Tochigi ay nagmula pa noong humigit-kumulang 178 taon na ang nakalilipas, sa huling bahagi ng panahon ng Edo period. Pinalamutian ang tuktok ng mga karosa ng malalaking pigura ng mga makasaysayang personalidad o mga bayani mula sa mitolohiya. Pagsapit ng gabi, iilawan ang mga parol ng bawat karosa na lumilikha ng isang maganda at kakaibang tanawin
Magandang pagkakataon ito upang matutunan ang tradisyonal na kultura ng Tochigi City at makihalubilo sa mga lokal na residente. Inaanyayahan ang lahat na

sumali.

Para mag-sign up, pakipunan ang Google Form na makikita sa advertisement page para sa event na ito sa website ng Tochigi City International Community.

2. Ang Itinakdang 30 km/h na Bilis ng Pagmamaneho sa Residential Roads

Paunawa mula sa website ng lungsod:
Simula Setyembre ng taong ito, ibinaba ang legal na limitasyon sa bilis ng pagmamaneho sa mga "residential road" mula 60 km/h sa 30 km/h. Ang mga "Residential Roads" ay karaniwang mga kalsadang medyo makikitid na ginagamit ng mga lokal na residente para sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay; wala ang mga ito ng mga guhit sa gitna at walang nakapaskil na mga karatula para sa limitasyon sa bilis. Humigit-kumulang 70% ng mga kalsada sa Tochigi Prefecture ang nabibilang sa kategoryang ito. Bago ang rebisyong ito sa batas, ang itinakdang limitasyon sa bilis ng pagmamaneho para sa mga makikitid na "Residential Roads"—tulad ng mga dumadaan sa mga residential areas o nagsisilbing daanan ng mga batang naglalakad papuntang paaralan ay 60 km/h, katulad ng sa mga pangunahing kalsada.
Gayunpaman, sa mga makikitid na "Residential Roads," ay may mataas na posibilidad ng pagkamatay o pagkapinsala sa mga pedestrian at siklista na nasasangkot sa mga aksidente sa trapiko kasama ang mga sasakyan; partikular na, natuklasan na sa mga banggaan ng sasakyan at pedestrian kapag ang bilis ng sasakyan ay humigit sa 30 kilometro bawat oras.
Upang maiwasan ang mga aksidente sa trapiko sa mga "Residential Roads" na ito at mabawasan ang panganib sa mga pedestrian at siklista sakaling magkaroon ng aksidente, ibinaba sa 30 km/h ang itinakdang limitasyon sa bilis ng pagmamaneho sa mga nasabing kalsada. Kahit sa mga kalsadang walang guhit sa gitna at may nakalagay na traffic sign na nagtatakda ng maximum na bilis na 40 km/h o 50 km/h, kailangan nang magmaneho ayon sa itinakdang limitasyon. Dapat tandaan na kahit hindi makakakita ng mga traffic sign na nagtatakda ng limitasyong 30 km/h sa mga "Residential Roads".
Kung magmamaneho sa bilis na 60 km/h na maaaring karaniwan nang ginagawa sa kalsadang may limitasyong 30 km/h, sanhi ito ng paglabag dahil lumampas ng

30 km/h sa itinakdang bilis; magdudulot ito ng 6 na demerit point at agarang suspensyon ng lisensya sa loob ng 30 araw. Bukod pa rito, may kaakibat itong mga parusang kriminal na maaaring umabot sa anim na buwang pagkakulong o multa na hanggang 100,000 yen.

Sundin natin ang speed limit at magmaneho nang ligtas.

3. Bahagyang Subsidiya para sa Bayarin sa Pagpapabakuna laban sa Influenza para sa mga Nakatatanda at mga Bata.

Inanunsyo ng Tochigi Prefecture ang pagsisimula ng panahon ng epidemya ng trangkaso noong huling bahagi ng Agosto.

Karaniwan, ang kasagsagan ng panahon ng trangkaso ay sa pagitan ng huling bahagi ng Enero at unang bahagi ng Marso, ang pagkakaroon ng outbreak sa buwan ng Agosto habang nananatili pa ang matinding init ay isang hindi pangkaraniwang sitwasyon..

Simula sa Oktubre 1, ipagkakaloob ng Tochigi City ang subsidiya na 3,500yen para sa bakuna laban sa trangkaso (influenza) kung magpapabakuna sa mga pagamutan na itinakda ng lungsod. Ang subsidiyang ito ay para sa mga residente ng Tochigi City na may edad 65 pataas sa panahon ng pagpapabakuna, pati na rin sa mga nasa edad 60 hanggang 64 na may mga kapansanang nakaaapekto sa kanilang cardiac, renal, o respiratory system; ang programa ay may bisa mula Oktubre 1, 2026 hanggang Marso 31, 2027. May ibinibigay namang subsidiya na 12,100yen para sa mga bakuna laban sa COVID-19. Pakitandaan na ang halaga ng subsidiya ay hindi sumasaklaw sa kabuuang bayarin ng pagpapabakuna; ang mga pasyente ang magbabayad ng natitirang halaga

Bukod pa rito, para sa mga batang nakarehistro bilang residente ng Tochigi City mula anim na buwang gulang hanggang sa ikatlong taon ng junior high school ay mayroong nakalaang subsidiya na 2,500yen bawat dosis para sa mga bakunang ibibigay sa pagitan ng Oktubre 1, 2024 at Pebrero 28, 2027. Ang mga kwalipikadong batang may edad anim na buwan hanggang sa edad ng pagpasok sa elementarya ay maaaring makatanggap ng subsidiya para sa dalawang dosis, habang ang mga nasa elementarya hanggang sa ikatlong taon ng junior high school ay kwalipikado para sa isang dosis lamang. Babayaran ang natitirang halaga ng gastos sa pagbabakuna (ang kabuuang halaga na ibinawas ang halaga ng subsidiya) sa mga nagbigay ng bakuna na pagamutan.

Dapat tandaan na nag-iiba-iba ang bayarin ng pasyente depende sa pagamutan. Kung nais magpabakuna, siguraduhing magpa-iskedyul ng appointment nang maaga.

4. Pag-iwas sa Tuberculosis

Ito ay isang paunawa mula sa Kagawaran ng Kalusugan ng Kennan Tochigi Prefecture.

Taon-taon, mula Setyembre 24 hanggang Setyembre 30 ay itinalaga bilang "Linggo ng Pag-iwas sa Tuberculosis at mga Nakakahawang Respiratory Diseases." Sa lugar na pinangangasiwaan ng Tochigi Prefecture Kennan Public Health Center, patuloy na tumataas ang bilang ng mga pasyenteng may tuberculosis mula sa mga dayuhan at ang antas nito sa Tochigi Prefecture ay nananatiling mas mataas kaysa sa pambansang average. Partikular na ang mga bansang Asyano tulad ng Pilipinas, Myanmar at Indonesia. Ang mga rehiyong ito ay may mataas na bilang ng mga kaso ng tuberculosis. Maaaring makuha ng mga indibidwal ang impeksyon sa kanilang sariling bansa at kalaunan ay magkaroon ng sakit pagdating sa Japan, dahil ang mga pagbabago sa kanilang kapaligiran sa pamumuhay ay maaaring magdulot ng paghina ng resistensya ng katawan.

Ang tuberculosis ay isang nakakahawang sakit na dulot ng paglanghap ng bacteria ng tuberculosis na nasa ubo o bahing ng isang taong may impeksyon. Ang pagkakaroon ng impeksyon ay hindi awtomatikong nangangahulugan na nadebelop na ang sakit; kahit may impeksyon, ang isang taong hindi pa nagkakaroon ng malubhang karamdaman ay hindi nagdudulot ng panganib na maipasa ito sa iba. Kabilang sa mga sintomas ng malubhang karamdaman ang pag-ubo nang mahigit na dalawang linggo, paglalabas ng plema, paulit-ulit na bahagyang lagnat, pagpapawis sa gabi, pagbaba ng timbang at pagkapagod. Gayunpaman, kung maagang matutukoy bago pa man kumalat ang impeksyon sa iba, maaari itong gamutin nang hindi na kinakailangang maospital. Ngunit dahil sa hadlang sa wika, kakulangan sa pag-unawa sa sistemang medikal, mga limitasyong pinansyal at pagkakaiba-iba ng kultura ay maaaring magdulot ng pagkaantala sa paghingi ng medikal na atensyon sa kabila ng pagkakaroon ng mga sintomas; bunga nito, kung minsan ay natutukoy lamang ang tuberculosis matapos umabot na sa malubhang

sitwasyon ng sakit. Ang ganitong mga pagkaantala sa konsultasyon at pagsusuri ay nagdadala ng panganib ng mga outbreak na maaaring humantong sa pagkalat ng impeksyon sa mga lugar ng trabaho o paaralan.

Napakahalaga ng maagang pagtukoy upang maiwasan ang mga cluster infection. Kahit walang nararamdamang sintomas, tiyaking sumailalim sa chest X-ray sa taunang health checkup. Gayundin, kung may mapansin na anumang pagbabago sa pisikal na kondisyon, huwag basta ipagpalagay na "sipon lang" ito sa halip, agad na kumonsulta sa doktor.